

“Draw Near unto Me”

By President Henry B. Eyring
Second Counselor in the First Presidency

“Magsilapit sa Akin”

Ni Pangulong Henry B. Eyring
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

April 2025 general conference

Jesus Christ loves each of us. He offers us the opportunity to draw closer to Him.

My dear brothers and sisters, it is a joy for me to be with you in this general conference of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints. This is His Church. We are gathered in buildings and homes all over the world in His name.

We take His name upon us when we enter His kingdom by covenant. He is the resurrected and glorified Son of God. We are mortals, subject to sin and death. Yet, in His love for each of us, the Savior invites us to come closer to Him.

Here is His invitation to us: “Draw near unto me and I will draw near unto you; seek me diligently and ye shall find me; ask, and ye shall receive; knock, and it shall be opened unto you.”

There are times we feel close to the Savior Jesus Christ. And yet, sometimes during our mortal trials, we feel some distance from Him and wish for an assurance that He knows what is in our hearts and loves us as individuals.

The Savior’s invitation includes the way to feel that assurance. Draw near Him by always remembering Him. Seek Him diligently through scripture study. Ask through heartfelt prayer to Heavenly Father to feel closer to His Beloved Son.

Mahal ni Jesucristo ang bawat isa sa atin. Inaalok Niya tayo ng oportunidad na mas lumapit sa Kanya.

Mahal kong mga kapatid, ikinagagalak kong ipaabot ang pagmamahal ko sa inyo sa pangkalahatang kumperensiyang ito ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ito ang Kanyang Simbahan. Nakatipon tayo sa mga gusali at tahanan sa buong mundo sa Kanyang pangalan.

Tinataglay natin ang Kanyang pangalan kapag pumasok tayo sa Kanyang kaharian sa pamamagitan ng tipan. Siya ang nabuhay na mag-uli at niluwalhating Anak ng Diyos. Tayo ay mga mortal, nagkakasala at mamamatay. Subalit, dahil sa pagmamahal Niya sa bawat isa sa atin, inaanyayahan tayo ng Tagapagligtas na mas lumapit sa Kanya.

Ito ang Kanyang paanyaya sa atin: “Magsilapit sa akin at ako ay lalapit sa inyo; masigasig akong hanapin at inyo akong matatagpuan; humingi, at kayo ay makatatanggap; kumatok, at kayo ay pagbubuksan.”

May mga pagkakataon na pakiramdam natin ay malapit tayo sa Tagapagligtas na si Jesucristo. Subalit, kung minsan sa ating mga pagsubok sa buhay, nadarama nating medyo malayo tayo sa Kanya at nais nating matiyak na alam Niya ang nilalaman ng ating puso at mahal Niya tayo bilang mga indibiduwal.

Kasama sa paanyaya ng Tagapagligtas ang paraan para madama ang katiyakang iyan. Lumapit sa Kanya sa pamamagitan ng pag-alaala sa Kanya palagi. Masigasig Siyang hanapin sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Taos-pusong ipagdasal sa Ama sa Langit

There is a simple way to think about it. It is what you would do if you were separated for a time from dear friends. You would find a way to communicate with them, you would cherish any message you received from them, and you would do all you could to help them.

The more that happened, the longer it lasted, the deeper the bond of affection would be strengthened, and you would feel yourself drawing ever nearer. If much time passed without the cherished communication and the opportunity to help one another, the bond would weaken.

Jesus Christ loves each of us. He offers that opportunity to draw closer to Him. As with a loving friend, you will do it in much the same way, by communicating through prayer to Heavenly Father in the name of Jesus Christ, listening for cherished guidance from the Holy Ghost, and then serving others for the Savior cheerfully. Soon you would feel that blessing of drawing nearer to Him.

In my youth, I experienced the joy of coming closer to the Savior—and of His coming closer to me—through simple acts of obedience to the commandments. When I was young, the sacrament was offered during an evening meeting. I can still remember one specific night, more than 75 years ago, when it was dark and cold outside. I remember a feeling of light and warmth as I realized that I had kept the commandment to gather with the Saints to partake of the sacrament, covenanting with our Heavenly Father to always remember His Son and keep His commandments.

At the end of the meeting that night, we sang the hymn “Abide with Me; ’Tis Eventide,” with the memorable words “O Savior, stay this night with me.”

These words brought an overwhelming sense of the Spirit to me, even as a young boy. I felt the Savior’s love and closeness that evening through the comfort of the Holy Ghost.

Years later I wanted to rekindle the same feeling of the Savior’s love and the closeness I had

na madama na mas malapit kayo sa Kanyang Pinakamahahal na Anak.

May simpleng paraan para mapag-isipan ito. Ito ang gagawin ninyo kung mawalay kayo sandali mula sa mahal na mga kaibigan. Maghanap kayo ng paraan para makipag-ugnayan sa kanila, itatangi ninyo ang anumang mensaheng matanggap ninyo mula sa kanila, at gagawin ninyo ang lahat para matulungan sila.

Kapag mas madalas na nangyari iyan, mas magtatagal iyan, mas titibay ang bigkis ng pagmamahalan, at madarama ninyo mismo na mas nagkakalapit kayo. Kung lumipas ang maraming panahon nang walang katangi-tanging komunikasyon at oportunidad na tulongan ang isa’t isa, magiging marupok ang bigkis.

Mahal ni Jesucristo ang bawat isa sa atin. Inaalok Niya tayo ng oportunidad na iyan na mas lumapit sa Kanya. Tulad sa isang mapagmahal na kaibigan, ganyan din ang gagawin ninyo, sa pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng panalangin sa Ama sa Langit sa pangalan ni Jesucristo, pakikinig para sa katangi-tanging patnubay mula sa Espiritu Santo, at pagkatapos ay masayang paglilingkod sa iba para sa Tagapagligtas. Hindi maglalaon at madarama ninyo ang pagpapalang mas mapalapit sa Kanya.

Noong kabataan ko, nadama ko ang galak ng mas mapalapit sa Tagapagligtas—at ng Kanyang pagiging mas malapit sa akin—sa mga simpleng pagsunod sa mga kautusan. Noong bata pa ako, ipinapasa ang sakramento sa isang miting sa gabi. Naaalala ko pa ang isang partikular na gabi, mahigit 75 taon na ang nakalilipas, na madilim at malamig sa labas. Naaalala ko na nakaramdam ako ng liwanag at init nang matanto ko na nasunod ko ang kautusang makitipon sa mga Banal para tumanggap ng sakramento, na nakikipagtipan sa ating Ama sa Langit na laging alalahanin ang Kanyang Anak at sundin ang Kanyang mga utos.

Sa pagtatapos ng miting nang gabing iyon, inawit namin ang himnong “Manatili sa ’King Tabi,” na may di-malilimutang mga titik na, “Panginoon, manatili.”

Ang mga titik na ito ay lubhang nagpadama ng Espiritu sa akin, kahit bata pa ako. Nadama ko ang pagmamahal at pagiging malapit ng Tagapagligtas noong gabing iyon sa pamamagitan ng kapanatagang dulot ng Espiritu Santo.

Makalipas ang mga taon ginusto kong madamang muli ang pagmamahal at pagiging malapit

felt to the Lord during that sacrament meeting in my youth. So I kept another simple commandment: I searched the scriptures.

In the book of Luke, I read of the third day after His Crucifixion and burial, when faithful servants had come, out of love for the Savior, to anoint His body. When they arrived, they found the stone rolled away from the tomb and saw that His body was not there.

Two angels stood by and asked why they were afraid:

“Why seek ye the living among the dead?”

“He is not here, but is risen: remember how he spake unto you when he was yet in Galilee,

“Saying, The Son of man must be delivered into the hands of sinful men, and be crucified, and the third day rise again.”

That evening at dusk, two disciples walked from Jerusalem on the road to Emmaus, and the resurrected Lord appeared to them and walked with them.

The book of Luke allows us to walk with them that evening:

“And it came to pass, that, while they communed together and reasoned, Jesus himself drew near, and went with them.

“But their eyes were holden that they should not know him.

“And he said unto them, What manner of communications are these that ye have one to another, as ye walk, and are sad?

“And the one of them, whose name was Cleopas, answering said unto him, Art thou only a stranger in Jerusalem, and hast not known the things which are come to pass there in these days?”

They told Him of their sadness that Jesus had died when they had trusted He would be the Redeemer of Israel.

There must have been affection in the risen Lord's voice as He spoke to these two sorrowful and mourning disciples.

As I continued to read, there came these words that warmed my heart, just as I had felt when I was a little boy:

“And they drew nigh unto the village, whith-

sa Panginoon na nadama ko sa sacrament meeting na iyon noong kabataan ko. Kaya sinunod ko ang isa pang simpleng kautusan: saliksikin ang mga banal na kasulatan.

Sa aklat ni Lucas, nabasa ko na sa ikatlong araw matapos Siyang ipako sa krus at ilibing, dumating ang matatapat na lingkod, dahil sa pagmamahal sa Tagapagligtas, para pahiran ng langis ang Kanyang katawan. Pagdating nila, nakita nila na may nag-alis ng batong nakatakip sa libingan at wala na ang Kanyang katawan doon.

Itinanong ng dalawang anghel na naroon kung bakit sila natatakot, sinasabing:

“Bakit ninyo hinahanap ang buhay sa gitna ng mga patay?

“Wala siya rito, kundi muling nabuhay.

Alalahanin ninyo kung paanong siya ay nagsalita sa inyo noong siya'y nasa Galilea pa,

“Na sinasabi, Kinakailangan na ang anak ng tao ay ibigay sa mga kamay ng mga taong makas-alanan, at ipako sa krus, at magbangong muli sa ikatlong araw.”

Noong magtakipsilim, dalawang disipulo ang naglakad mula Jerusalem hanggang Emaus, at ang nabuhay na mag-uling Panginoon ay nagpakita sa kanila at lumakad na kasabay nila.

Ang aklat ni Lucas ay tinutulutan tayong sumama sa kanila sa paglakad noong gabing iyon:

“Samantalang sila'y nag-uusap at nagtatanungan, si Jesus mismo ay lumapit, at naglakbay na kasama nila.

“Subalit ang kanilang mga mata ay hindi pinahintulutan na makilala siya.

“At sinabi niya sa kanila, Ano ba ang inyong pinag-uusapan sa inyong paglalakad, [at malungkot kayo]?

“Isa sa kanila, na ang pangalan ay Cleopas, ang sumagot sa kanya, Ikaw lang ba ang tanging dayuhan sa Jerusalem, na hindi nakakaalam ng mga bagay na nangyari sa mga araw na ito?”

Sinabi nila sa Kanya na nalulungkot sila sa pagkamatay ni Jesus samantalang inasahan nila na Siya ang magiging Manunubos ng Israel.

Tiyak na may pagmamahal sa tinig ng nagbangong Panginoon nang magsalita Siya sa dalawang nalulungkot at nagdadalamhating disipulong ito.

Nang patuloy akong magbasa, dumating ang mga salitang ito na nagpaalab sa puso ko, tulad ng nadama ko noong bata ako:

“[At] nang sila'y malapit na sa nayong kanil-

er they went: and he made as though he would have gone further.

“But they constrained him, saying, Abide with us: for it is toward evening, and the day is far spent. And he went in to tarry with them.”

The Savior accepted that night the invitation to enter the house of His disciples. He sat at meat with them. He took bread, blessed it, broke it, and gave it to them. Their eyes were opened, and they knew Him. Then He vanished out of their sight.

Luke recorded for us the feelings of those blessed disciples: “And they said one to another, Did not our heart burn within us, while he talked with us by the way, and while he opened to us the scriptures?”

The two disciples then rushed back to Jerusalem to tell the eleven Apostles what had happened. As they were sharing their experience, the Savior appeared again.

He stood in the midst of them and “saith unto them, Peace be unto you.” He then reviewed the prophecies of His mission to atone for the sins of all His Father’s children and to break the bands of death.

“And said unto them, Thus it is written, and thus it behoved Christ to suffer, and to rise from the dead the third day:

“And that repentance and remission of sins should be preached in his name among all nations, beginning at Jerusalem.

“And ye are witnesses of these things.”

Just as His beloved disciples, every child of Heavenly Father who has chosen to enter through the gate of baptism is under covenant to be a witness of the Savior and to care for those in need throughout our mortal lives. This commitment was made plain for us by the great Book of Mormon prophet Alma centuries ago at the Waters of Mormon:

“As ye are desirous to come into the fold of God, and to be called his people, and are willing to bear one another’s burdens, that they may be light;

“Yea, and are willing to mourn with those

ang paroroonan, nauna siya na parang magpapatuloy pa.

“Subalit kanilang pinigil siya at sinabi, Tumuloy ka sa amin, sapagkat gumagabi na, at lumulubog na ang araw. At pumasok siya upang tumuloy sa kanila.”

Tinanggap ng Tagapagligtas noong gabing iyon ang paanyayang pumasok sa bahay ng Kanyang mga disipulo. Kumain Siyang kasama nila. Dumampot siya ng tinapay, binasbasan iyon, pinagputul-putol iyon, at ibinigay iyon sa kanila. At nabuksan ang kanilang mga mata, at Siya ay nakilala nila. Pagkatapos ay naglaho Siya sa kanilang paningin.

Itinala ni Lucas para sa atin ang nadama ng mga pinagpalang disipulong iyon: “At sila-sila’y nangagsabihan, Hindi бага nagaalab ang ating puso sa loob natin, habang tayo’y kinakausap niya sa daan, samantalang binubuksan niya sa atin ang mga kasulatan?”

Pagkatapos ay nagmadaling bumalik sa Jerusalem ang dalawang disipulo para ikuwento sa labing-isang Apostol ang nangyari. Habang ikinukuwento nila ang naranasan nila, muling nagpakita ang Tagapagligtas.

Tumayo Siya sa gitna nila at “sinabi sa kanila, Sumainyo ang kapayapaan.” Pagkatapos ay sinabi Niyang muli ang mga propesiya tungkol sa Kanyang misyon na magbayad-sala para sa mga kasalanan ng lahat ng anak ng Kanyang Ama at kalagin ang mga gapos ng kamatayan.

“[At] sinabi niya sa kanila, Ganyan ang nasusulat, na kailangang magdusa ang Cristo at muling mabuhay mula sa mga patay sa ikatlong araw;

“At ipangaral ang pagsisisi at pagpapatawad ng mga kasalanan sa kanyang pangalan sa lahat ng mga bansa, mula sa Jerusalem.

“[At] kayo’y mga saksi ng mga bagay na ito.”

Tulad ng Kanyang mahal na mga disipulo, bawat anak ng Ama sa Langit na piniling magpabinyag ay nakikipagtipan na maging saksi ng Tagapagligtas at pangalagaan ang mga nangan-gailangan habambuhay. Ang pangakong ito ay nilinaw sa atin ng dakilang propetang si Alma sa Aklat ni Mormon ilang siglo na ang nakararaan sa Mga Tubig ng Mormon:

“Yamang kayo ay nagnanais na lumapit sa kawan ng Diyos, at matawag na kanyang mga tao, at nahahandang magpasan ng pasanin ng isa’t isa, nang ang mga yaon ay gumaan;

“Oo, at nahahandang makidalamhati sa mga

that mourn; yea, and comfort those that stand in need of comfort, and to stand as witnesses of God at all times and in all things, and in all places ... , even until death, that ye may be redeemed of God, ... that ye may have eternal life.”

As you are faithful to these promises, you will find that the Lord keeps His promise to be one with you in your service, making your burdens light. You will come to know the Savior, and in time you will come to be like Him and “be perfected in him.” By helping others for the Savior, you will find that you are drawing nearer to Him.

Many of you have loved ones who are wandering off the path to eternal life. You wonder what more you can do to bring them back. You can depend on the Lord to draw closer to them as you serve Him in faith.

You may remember the Lord’s promise to Joseph Smith and Sidney Rigdon when they were away from their families on His errands: “My friends Sidney and Joseph, your families are well; they are in mine hands, and I will do with them as seemeth me good; for in me there is all power.”

As you bind up the wounds of those in need, the Lord’s power will sustain you. His arms will be outstretched with yours to succor and bless the children of our Heavenly Father.

Every covenant servant of Jesus Christ will receive His direction from the Spirit as they bless and serve others for Him. Then they will feel the Savior’s love and find joy in being drawn closer to Him.

I am a witness of the Resurrection of the Lord as surely as if I had been there with the two disciples in the house on Emmaus road. I know that He lives.

This is His true Church—the Church of Jesus Christ. We will, on the Day of Judgment, stand before the Savior, face to face. It will be a time of great joy for those, in this life, who have drawn

yaong nagdadalamhati; oo, at aliwin yaong mga nangangailangan ng aliw, at tumayo bilang mga saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar ... , maging hanggang kamatayan, nang kayo ay matubos ng Diyos, ... nang kayo ay magkaroon ng buhay na walang hanggan.”

Kapag naging tapat kayo sa mga pangakong ito, makikita ninyo na tinutupad ng Panginoon ang Kanyang pangakong maging kaisa ninyo sa inyong paglilingkod, upang gumaan ang inyong mga pasanin. Makikilala ninyo ang Tagapagligtas, at darating ang panahon na kayo ay magiging katulad Niya at “ma[gi]ging ganap sa kanya.” Sa pagtulong sa iba para sa Tagapagligtas, makikita ninyo na mas napalapit kayo sa Kanya.

Marami sa inyo ang may mga mahal sa buhay na nalalayo sa landas na patungo sa buhay na walang hanggan. Iniisip ninyo kung ano pa ang magagawa ninyo upang ibalik sila. Makakaa-sa kayo na mas lalapit sa kanila ang Panginoon habang pinaglilingkuran ninyo Siya nang may pananampalataya.

Maaaring naaalala ninyo ang pangako ng Panginoon kina Joseph Smith at Sidney Rigdon noong nalayo sila sa kanilang mga pamilya para maglingkod sa Kanya: “Aking mga kaibigang Sidney at Joseph, ang inyong mga mag-anak ay nasa mabuting kalagayan; sila ay nasa aking mga kamay, at aking gagawin sa kanila kung ano ang inaakala kong mabuti; sapagkat sa akin naroon ang lahat ng kapangyarihan.”

Habang binebendahan ninyo ang mga sugat ng mga nangangailangan, susuportahan kayo ng kapangyarihan ng Panginoon. Iuunat Niya sa inyo ang Kanyang mga bisig para matulungan at pagpalain ang mga anak ng ating Ama sa Langit.

Bawat lingkod ni Jesucristo sa tipan ay tatanggap ng Kanyang patnubay mula sa Espiritu habang pinagpapala at pinaglilingkuran nila ang iba para sa Kanya. Sa gayon ay madarama nila ang pagmamahal ng Tagapagligtas at magagalak na mas napalapit sila sa Kanya.

Saksi ako sa Pagkabuhay na Mag-uli ng Panginoon na para bang naroon ako mismo na kasama ang dalawang disipulo sa bahay sa tabi ng daan patungong Emaus. Alam ko na Siya ay buhay.

Ito ang Kanyang totoong Simbahan—ang Simbahan ni Jesucristo. Tayo, sa Araw ng Paghuhukom, ay tatayo sa harap ng ating Tagapagligtas, nang harap-harapan. Iyon ay magig-

close to Him in His service and can eagerly anticipate to hear His words: “Well done, thou good and faithful servant.”

I testify as a witness of the risen Savior and our Redeemer, in the name of Jesus Christ, amen.

ing panahon ng malaking kagalakan para sa mga napalapit sa Kanya, sa buhay na ito, sa paglilingkod sa Kanya at maaaring sabik na asamin na marinig ang Kanyang mga salita: “Magaling, mabuti at tapat na [lingkod].”

Pinatotohanan ko bilang saksi ng nagbangong Tagapagligtas at ating Manunubos, sa pangalan ni Jesucristo, amen.